# KABATAANG SKAWT…MAKABAGONG LIDER

*by:*
**Joey R. Cabrera**
*Master Teacher I, Pagalanggang National High School*

May mga bagong pagsubok tayong kinakaharap dahil sa bagong teknolohiya at pagkasira ng kalikasan. Ang bagong estilo ng pamumuno ay higit na kinakailangan sa ngayon. Kabataan…Lider …Hangarin.

Sa kasalukuyang kalagayan ng ating bansa sa mga usaping dapat bigyan ng agarang aksyon ang mga problema hatid ng mga kabataan na nahahatak sa mga kaguluhan, bisyo, pagkasira ng kalikasan, maagang pagkamulat sa sekwalidad atp.

Ngunit, kung ating pakasusuriin iilan lang ito sa porsyento ng mga kabataan ang may gawa dahil sa kapaligiran nila at kapabayaan na rin ng kanilang mga magulang. Pero ang Boy Scout of the Philippines lalong lalo na ang Bataan Council ay naglunsad ng mga gawaing pangskawt tulad ng Community Service, Tree Planting at Youth Forum na sinalihan ng mga kabataan mula sa iba't ibang paaralang pangsekondarya sa ating probinsya.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa sa pinakamagandang aktibiti ang Youth Forum na ang layunin ng gawaing ito ay hubugin ang ating mga kabataan na maging isang mahusay na lider hindi lang sa mga aktibidad ng Scouting sa kani-kanilang mga paaralan, kundi maging sa kanilang barangay at bayan na kinabibilangan.Sa gawaing ito maipapaamalas nila ang kahusayan sa paggawa ng mga batas at gawain sa kani-kanilang lugar alinsunod sa Batas at Pangako ng isang Skawt. Hindi matatawaran ang kanilang galing sa pagbuo ng mga batas at gawain na ang makikinabang ang mga mamayang Pilipino sa ating bansa. Iyan ang patunay na ang ating mga kabataan ay gumagawa na ng pangalan sa ating bansa. Sana suportahan natin ang kanilang mga hangarin dahil kung ngayon nahahasa na sila bilang

lider at mabuting modelo ng mga kapwa kabataan sila ay tutularan at gagawing idolo ng mga susunod pang henerasyon.

Kung kaya't bigyang pugay natin ang mga kabatang ito dahil may malaki pa silang maiaambag at magagawa sa ating lipunan, suportahan natin at ipanalangin sa Maykapal ang kanilang mga balakin na ang makikinabang ang mga mamayang Pilipino…Kaya Kabataan Skawt huwag ninyong bibiguin ang tiwalang ibinigay sa inyo. Kayo ang mga makabagong lider na magpapatuloy sa mga adhikain ng mga magagaling na lider natin sa ngayon. Mabuhay kayo at isulong ang inyong mga hanagarin para sa mamamayang Pilipino at magandang bukas ng lahat.

*References:*

https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/decalogue-leadership-millenial-generation
https://twitter.com/kabataanglider
https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2015/10/teaching-youth-how-to-lead-in-the-saviors-way?lang=tgl

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan